



## Mga Programa ng Tulong sa Nasa Hustong Gulang ng County (County Adult Assistance Programs, CAAP)

Sheet ng Impormasyon sa CAAP, Form 2133CR

### Mga Programa ng Tulong sa Nasa Hustong Gulang ng County (County Adult Assistance Programs, CAAP)

Ang CAAP ay nagbibigay ng **tulong na pera at mga serbisyo para sa trabaho** para sa mga taga-San Francisco na mababa ang kita na walang umaasang anak, kasama ang mga taong hindi makapagtrabaho at mga imigrante/refugee. Ang programa ay nagbibigay ng **buwanang (sa unang araw ng buwan)** mga electronic na benepisyo sa card ng benepisyo (electronic benefits transfer, EBT) na magagamit sa iba't ibang store tulad ng card ng bangko. Maaari ring i-withdraw ang mga pondo sa anyong cash sa iba't ibang ATM machine na walang surcharge sa buong San Francisco para sa mga hindi inaasahang gastusin na maaaring dumating.

Ikaw ba ay walang trabaho at nangangailangan ng tulong sa paghahanap ng trabaho? Ikaw ba ay walang tirahan at nangangailangan ng shelter o lugar na matutuluyan? Ikaw ba ay handang magtrabaho o matuto ng mga bagong kasanayan? Ikaw ba ay mayroong mga anak na wala pang 18 taong gulang ngunit hindi kwalipikado para sa CalWORKs? **Matutulungan ka ng CAAP.**

### Ano ang iniaalok ng CAAP?

- Benepisyo na pera na hanggang \$714 kada buwan.
- Access sa Mga Trabaho.
  - Mag-sign up para sa programa ng Boluntaryo at Intensive na Mga Serbisyo para sa Trabaho (Voluntary Intensive Employment Services, VIES)
  - Agarang access sa programa ng JobsNOW.
  - Pagkakaroon ng trabaho na may garantisadong panimulang suweldo na hindi bababa sa minimum na sahod ng San Francisco.
- Mga oportunidad para sa pagkakaroon ng pabahay o shelter, kung walang tirahan.
- Screening para sa sakit sa paggamit ng droga at pag-inom ng alak, at mga referral sa iba't ibang opsyon at/o pasilidad sa paggamot.
- Tulong para sa pagpili ng naaangkop na paggamot sa sakit sa paggamit ng droga at pag-inom ng alak.



- Libre at madaling pag-access sa iyong benepisyo sa pamamagitan ng iyong Electronic Benefits Transfer (EBT) card.
- Libreng buwanang MUNI fast pass.
- Pang-isang beses na tulong na may libreng California DMV Identification card.
- Tulong sa pag-apply para sa SSI mula sa mga tagapamahala ng kaso sa site, kung may kapansanan.
- Maaaring nagtatrabaho ka at kwalipikado ka pa rin para sa mga benepisyo.
- Maaaring kwalipikdo kang makatanggap ng mga benepisyo habang dumadalo sa mga bokasyonal na pagsasanay o klase para sa GED/ESL/High School Diploma.
- Maaaring mag-apply ang mga imigrante at refugee.

### Ano ang dapat asahan sa iyong unang pagbisita sa CAAP?

Pumunta sa aming pangunahing opisina sa 1235 Mission Street sa mga normal na oras ng negosyo. Sabihin sa receptionist sa lobby na gusto mong mag-apply para sa CAAP. Bibigyan ka ng maikling form para sa screening na sasagutan at ticket na may numero. Sagutan ang form habang naghihintay kang matawag ang iyong numero. Iaanunsyo at ipapakita sa mga monitor sa buong opisina ang iyong numero. Kapag natawag ka na, dalhin ang iyong form para sa screening sa naaangkop na counter at bibigyan ka ng tauhan sa reception ng application sa CAAP at ng **paunang appointment** upang makipagkita sa isang manggagawa.

### Paano maghanda para sa iyong paunang appointment?

Maaaring nakakalito ang pag-apply para sa CAAP, ngunit hindi ito nakakalito, kung nakahanda ka. Magsimula sa pamamagitan ng paghahanap ng mga sumusunod na item:

- **Anumang identification card o lisensya sa pagmamaneho na ibinigay ng estado ng U.S.** *Maaari ring tanggapin ang nag-expire nang identification card.*
- **Numero ng Social Security.** *Hindi kailangan ng card.*
- **Pag-verify ng iyong status ng citizenship.** *Halimbawa, Form I-551 o I-151 ("Green Card", sertipiko ng naturalisasyon, atbp.)*
- **Pag-verify ng anumang kita**
  - **Mga huling stub** ng suweldo mula sa iyong **pinakakamakailang trabaho.**
  - **Mga pinakakamakailang stub** mula sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho, benepisyo sa kapansanan, benepisyo sa pagreretiro ng SSA, atbp.



- **Pag-verify ng personal na ari-arian, kung naaangkop**
  - Mga bank statement.
  - Pagpaparehistro ng sasakyan.
  - Mga dokumento ng life insurance policy.
  - Mga dokumento ng account sa pagreretiro.
- **Pag-verify ng paninirahan sa San Francisco**
  - **Kung ikaw ay walang tirahan**, maaari kang makatanggap ng liham ng paninirahan mula sa ahensya ng komunidad na regular mong binibisita para sa mga serbisyo nito.
  - **Kung ikaw ay may tirahan**, makipag-usap sa iyong landlord upang makatanggap ng liham na may impormasyon niya sa pakikipag-ugnayan na nagsasabi sa amin kung nagbabayad ka ng upa o hindi, at kung kailan ka nagsimulang manirahan doon.
  - Bukod pa rito, kailangan namin ng pag-verify ng address, halimbawa, utility bill, kasunduan sa pagpapaupa, resibo ng upa na may selyo/letterhead ng tagapamahala, atbp.

## Panahon ng Pansamantalang Pagiging Kwalipikado (Presumptive Eligibility, P.E.)

Ang Pansamantalang Pagiging Kwalipikado (Presumptive Eligibility, P.E.) ay nangangahulugan na ang posibleng pagiging kwalipikado mo sa Mga Programa ng Tulong sa Nasa Hustong Gulang ng County ay umiiral batay sa mga impormasyon at ebidensya na ipinakita mo at sa mga nakabinbing pag-verify ng mga naturang impormasyon at iba pang impormasyon sa iyong kaso. Upang maitatag ang pansamantalang pagiging kwalipikado, dapat mong matugunan ang mga pangunahing kinakailangan sa pagiging kwalipikado na edad, pagkakakilanlan, tirahan, citizenship, at mga limitasyon sa kita at mapagkukunan.

Ang panahon ng pansamantalang pagiging kwalipikado ay isang (1) linggo mula sa petsa kung kailan maitatag ang P.E. hanggang sa oras ng panayam para sa Panghuling Intake o petsa kung kailan papahintulutan ang pagbibigay ng mga benepisyo, kung hindi ka kasali sa Panghuling Intake. Kung minsan, dahil sa nakakaantalang weekend o holiday, tumatagal ang panahon.

Sa panahon ng P.E., aasahan sa iyo ang pagbibigay ng kinakailangang dokumentasyon para sa manggagawa ng CAAP upang i-verify ang iyong pagiging kwalipikado sa Mga Programa ng Tulong sa Nasa Hustong Gulang ng County at pagsunod sa iba pang kinakailangan sa Programa, na tatalakayin ng manggagawa ng CAAP sa iyo.



Kung ikaw ay walang tirahan, aalukin ka ng pagpapareserba ng shelter sa isang HSA shelter sa panahon ng P.E. Kung ikaw ay mayroong pabahay, at nahaharap sa pagpapalayas, maaari kang maging kwalipikado para sa direktang pagbabayad ng upa sa iyong landlord. Ang pagbabayad na ito ay dapat makatugon sa mga pamantayan sa upa ng CAAP, at ibibigay lang sa panahon ng P.E. Dapat mong abisuhan ang Intake worker ng CAAP para sa karagdagang impormasyon.

### Paano Kung Tinanggihan Ako?

Kung hindi ka sumasang-ayon sa pagtanggap, maaari kang humiling ng Patas na Pagdinig. Ang kahilingan ay dapat gawin nang hindi lalampas sa ikasampung araw sa kalendaryo pagkatapos ibigay nang personal o ipadala sa iyo ang Abiso ng Pagkilos. Upang humiling ng Patas na Pagdinig, dapat kang tumawag kaagad sa 1(415) 558-1177 o makipag-ugnayan sa Bay Area Legal Aid para sa higit pang impormasyon.

### Para sa higit pang impormasyon:

Bitatahin ang <https://www.sfhsa.org/about/reports-publications/handbooks-manuals> upang makita ang Handbook Tungkol sa Pagiging Kwalipikado ng CAAP online.

### Saan Dapat Mag-apply?

CAAP Office

1235 Mission Street,

San Francisco, CA 94103

[\(833\) 879-1365](tel:(833)879-1365)

Lunes - Biyernes, 8:00AM- 5:00 PM

Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa iyong pagiging kwalipikado, maaari kang makipag-usap sa isang tagapagtaguyod sa

### Bay Area Legal Aid

- Ang Linya para sa Legal na Pagpapayo sa [1 \(800\) 551-5554](tel:1(800)551-5554) o
- Kung wala kang makaugnayan sa linya para sa legal na pagpapayo, maaari kang makipag-ugnayan sa opisina ng SF sa: [1 \(415\) 982-1300](tel:1(415)982-1300)

Na-update noong: 01/01/2025